

Pagtataguyod sa at Edukasyon ng Biktima

Ang aming mga serbisyo ay libre at kumpidensyal.

Ang pagtataguyod ng biktima ay nag-aalok ng suporta, impormasyon at pagsasangguni sa mga pinagkukunan at partikular na nakabalot na suporta para makagawa ng may kaalaman at may kapangyarihang mga pasya. Nag-aalok kami ng suporta at mga serbisyo sa pagtataguyod sa sinuman na naapektuhan ng krimen, hindi alintana kung ito ay iniulat sa tagapagpatupad ng batas o inuusig.

24-Oras na Linya ng Suporta para sa Seksuwal na Pag-atake: 509-624-7273

Maaaring mag-text sa mga oras ng negosyo.

Linya ng Suporta para sa mga Biktima ng Krimen: 509-747-8224

Ang mga nakaligtas sa lahat ng ibang mga krimen ay maaaring tumawag sa numerong ito tuwing mga oras ng negosyo at humiling na makipag-usap sa isang tagapagtaguyod.



LUTHERAN
**Community
Services**
NORTHWEST
Community Sexual Assault &
Crime Victim Service Program



Pagtataguyod sa at Edukasyon ng Biktima

Kabilang sa aming mga serbisyo ang

Pagpapalano sa Kaligtasan

Narito kami upang talakayin ang mga opsyon, magbigay ng mga mapagkukunan at gumawa ng plano na tama para sa iyo.

Seksuwal na Pag-atake & Medikal na Pagtataguyod

Nagbibigay kami ng 24-oras na tugon sa ospital sa lokal na mga kwartong pang-emerhensiya at nagbibigay ng pagtataguyod sa personal sa sinumang humihingi ng medikal na pagsusuri o pangongolekta ng ebidensya. Sa ilalim ng Batas sa Washington, ang mga nakaligtas sa seksuwal na pag-atake ay may karapatan sa isang tagapagtataguyod o taong pansuporta na dumalo sa panahon ng medikal at legal na mga pamamaraan.

Legal na Pagtataguyod

Maaari kaming magbigay ng impormasyon at suporta sa buong sibil at kriminal na mga sistema. Tumutulong kami sa mga kautusan sa proteksyon. Nakikipag-ayos din kami sa pagitan ng mga tagapagpatupad ng batas at tanggapan ng piskal at nagbibigay ng suporta sa personal sa kabuuan kabilang ang mga panayam sa tiktik, panayam sa depensa, paglilitis, at pagdinig para sa pagsentensya.

Pagpapayo

Ang pagpoproseso ng trauma ay tumatagal ng oras. Nag-aalok kami ng pagpapayo sa mga nakaligtas. Ang mga serbisyo ay may kaalaman sa trauma at magagamit sa mga kabataan at matatanda.

Aso sa Pasilidad ng Courthouse (Si Walker)

Ang aming aso sa pasilidad ng korte at kayang magbigay ng suporta kasama ng tagapagtataguyod na LCSNW sa halos lahat ng mga uri ng krimen kabilang kung mayroon kang mahal sa buhay na naging biktima ng pagpatay.

Edukasyon sa Komunidad

Nag-aalok kami ng pagsasanay sa mga propesyunal, organisasyon at ibang mga grupo na gustong matuto nang higit pa tungkol sa aming mga serbisyo at epekto ng trauma.

Nandito kami para sayo.

Ang aming mga serbisyo ay libre, kumpidensyal, at magagamit sa mga nakaligtas sa halos lahat ng uri ng krimen.

Kung mayroon kang mga tanong o kailangan mo lang ng kausap-tawagan kami.

**Kahit sino ay maaaring
makaranas ng pang-aabuso.**

**24-Oras na Linya ng Suporta para sa
Seksuwal na Pag-atake:(509) 624-7273**

Health. Justice. Hope.